

2010 Pagtatanaw ng Redistricting at Datos ng U.S. Census

2010 REDISTRICTING KOMISYON NG LUNGSOD NG SAN DIEGO

Midori Wong, Hepe ng mga Kawani
Pre-Map Pamublikong Pagdinig–2011
Aytem 2

1

Ano ang *redistricting*?

- Pagtakda ng mga hangganan ng distrito para sa mga katungkulang inihalal
- Ginaganap tuwing 10 taon sa lahat ng antas ng gobyerno
- Ang proseso para sa lungsod ay iba

2

Bakit ito ginaganap?



- Pagsaalang-alang sa mga pagbabago sa populasyon
- “Isang tao, isang boto”
- Tinitiyak ang pantay na akses sa representasyon sa pulitika

3

Ano ang pagkakaiba sa panahong ito?



- Bagong ika-siyam na Konsehong Pandistrito
- Panukalang D (2010) – Malakas na Mayor na Paraan ng Pamamahala
- Unang bagong distrito simula 1960

4

Sinu-sino ang mga tagapag-pasiya?



- **Redistricting Commission ng 2010**
 - 7 na hinirang na miyembro
 - Kaisa-isa at eksklusibong awtoridad na kukupkop ng mga planong tumutukoy sa mga hangganan
- Umaasa sa panukalang magmumula sa mga residente at mga may kaugnayan

5

Kailan ito ginaganap?



- **Marso:** Paglabas ng datos ng senso
Pambungad na mga pagdinig
- **Abril/Mayo:** Mga pampublikong pagdinig
- **Mayo/Hunyo:** Pagbuo ng panimulang plano
- **Hulyo:** Mga pampublikong pagdinig
- **Agosto:** Pagkukupkop ng pangwakas na plano
- **Taglagas:** Pagsalansan ng pangwakas na ulat

6

Ano ang pangwakas na resulta?



- Isang “Redistricting Plan” na gumagamit ng:
- Datos ng U.S. Census
- Pampublikong testimonya
- Nalalapat na legal na pamantayan

7

Ano ang masasabi ng Senso sa atin?



- Ang lungsod ay lumago ng 6.4%; ikalawang pinakamataong lugar na nakalakip sa California
- Ang mga distrito ay lumago nang iba't-ibang antas
- Populasyon ayon sa:
 - Lahi/etnisidad
 - Edad ng pagboto
 - Mga yunit ng pabahay at katayuan ng pagtira

8

Paano ako makakapagkomentaryo?

- Pamublikong pagdinig: hindi bababa sa 20 sa buong lungsod
- Magkomentaryo sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa telepono
- Kontakin ang aming tanggapan anumang oras

9

Paano ako mananatiling kasangkot?

- Mga miting ng komisyon:
 - Una at ika-3 na Huwebes sa 4 n.h., ika-12 Palapag, City Hall
 - Nakabroadcast at naka-archive sa CityTV
- Listahan ng pamamahagi sa pamamagitan ng email: magpadala ng kahilingan sa redistricting_2010@sandiego.gov
- Mga presentasyon sa mga miting na pangkomunidad

10

2010 REDISTRICTING COMMISSION NG LUNGSOD NG SAN DIEGO



Anisha Dalal, Tagapangulo
Carlos Marquez, Pangalawang Tagapangulo
Frederick Kosmo
Ani Morrow
Arthur Nishioka
Dave Potter
Theresa Quiroz

Midori Wong, Hepe ng mga Kawani

1010 Second Avenue Suite 1060, San Diego, CA 92101
(619) 533-3060 / redistricting_2010@sandiego.gov
www.sandiego.gov/redistricting

11

Pagtatanaw sa Pamantayan ng Redistricting



2010 KOMISYON NG REDISTRICTING NG LUNGSOD NG SAN DIEGO

Tanggapan ng Panglungsod na Abugado ng San Diego
Mga Pampublikong Pagdining ukol sa Pre-Map – 2011
Aytem 3

12

Mga Legal na Rekisito

- Ang Redistricting Plan ay dapat sumunod sa:
 - U.S. Konstitusyon
 - Charter na Panlungsod ng San Diego §§ 5 at 5.1
 - Federal Voting Rights Act ng 1965
 - Mga kaugnay na tuntunin at kasong pambatas na nagsasalin sa mga plano ng redistricting at pamantayan

13

Mga Legal na Rekisito

- Ang plano “ay magkakaloob ng makatarungan at mabisang representasyon sa lahat ng mga mamamayan ng Lungsod, kasama ang mga pangkat na panlahi, etniko, at may wikang minorya, at maging sa pagsunod sa mga rekisito ng Konstitusyon ng Estados Unidos at Pampederal na kautusan.”
- - Charter Panlungsod ng San Diego § 5.1

14

Mga Rekisito ng Charter Panlungsod Seksyon 5.1



- Siyam na distrito ang lilikhain
- Kinabilangan ng lahat ng mga yunit ng Senso, na binuo ng U.S. Bureau of the Census
- Bawat isa ay may 1/9 ng populasyon ng lungsod
 - ✦ Ang layunin ay 144,624 katao bawat distrito
 - ✦ Ang layunin ay zerong lihis sa bilang na ito, ngunit ang pamantayan ay pinakamababang paglihis na maaari
- Walang pagtatakda para sa layuning magbigay ng kalamangan o protektahan ang mga dating nakapuwesto

15

Mga Rekisito ng Charter Panlungsod Seksyon 5.1



- Ang mga distrito ay :
 - ✦ Maging siksik ang heograpiya
 - ✦ Bubuuhin ng magkakaratig na teritoryo
 - ✦ Mangangalaga sa “makikilalang mga nakawiwiling komunidad”
 - ✦ Magkaroon ng makatwirang daanan sa pagitan ng mga sentro ng populasyon
 - ✦ Itatakda ng mga natural na hangganang, linya ng mga kalye at/o panlungsod na guhit hangganan

16

“Nakawiwiling mga Komunidad”

- Ang mga residente ng Lungsod ay tutulong sa pagkilala at pagpangalaga ng “nakawiwiling mga komunidad” upang mapanatili ang mga panlahatang gawain, mga panlipunan at pamumuhay na huwaran na tipikal at ninais ng mga miyembro ng lugar.
- Mga pagdinig upang makatipon ng impormasyon
- Gagamitin ang datos ng U.S. Senso upang suportahan ang plano at kung ano pang mga matutuklasan

17

Mahahalagang Prinsipyo

- Iwasang humina ang puwersa ng pagboto ng mga protektadong sektor, na isinaad sa 1965 Batas ng Karapatan sa Pagboto ; datapwa't tuparin ito nang hindi lahi ang namamayaning motibo.
- Dapat bigyan ng katuwiran, sa magandang loob, ang anumang paglihis sa mga distritong mayroong pantay na populasyon
- Umayon sa mga prinsipyo ng Konstitusyong pederal na nag-aatas ng “isang tao, isang boto”
- Panatilihing nagkakaisa ang mga komunidad₁₈

Mga Darating na Pagdinig

- **Mga Rekisito para sa Pampublikong Pagdining**
 - ✦ **Panimulang Plano:** Ang Komisyon ay inaatasang magkaroon ng di bababa sa 4 na pampublikong pagdinig sa maraming heograpiyang pook sa Lungsod bago tapusin ang Panimulang Plano
 - ✦ **Pangwakas na Plano:** Ang Komisyon ay inaatasang magkaroon ng di bababa sa 3 na pampublikong pagdinig sa maraming heograpiyang pook ng Lungsod bago pagtibayin ang Pangwakas na Plano.

19

Higit pa sa isang mapa!

- **Ang Redistricting Plan ay legal na dokumento na may nagsusuportang ebidensiya**
- **Ang Panimulang Plano ay may kabilang na:**
 - Nakasulat na pahayag ng mga natuklasan
 - Kadahilanan ng pagpapatibay
 - Notasyon ng mga pamantayang ginamit sa proseso, na may pagsusuri at pagpapaliwanag ng mga desisyon na ginawa ng Komisyon
 - **Pangwakas na Plano**
 - Magkakabisa 30 araw pagkatapos ng pagpapatibay
 - Kung ang pangwakas na plano ay tinanggihan sa pamamagitan ng reperendo ng mga tao, ang naturang Komisyon ay lilikha ng isang bagong plano alinsunod sa Charter.

20

Pre-Map

Pampublikong Pagdinig

AYTEM 4. Pampublikong komentaryo tungkol sa preparasyon ng panimulang *redistricting plan*.

Ang Redistricting Commission ay tatanggap ng komentaryo at mungkahi ng publiko. Ang mga komentaryo ay dapat di lalagpas ng tatlong minuto bawat tagapagsalita. Isumite ang mga kahilingang makapagsalita sa Hepe ng mga Kawani ng Komisyon bago tawagin ang paksang ito.

- Ang mga materyales para sa pagpupulong ay makukuha rin sa Tagalog.
- May libreng tulong sa pagsasalin sa ibang wika para sa mga taong nahihirapang makipag-ugnay sa Ingles. Inaanyayahan din ang mga partisipante na magsama ng isang kailbigan, kapamilya o miyembro ng komunidad upang tumulong lumahok sa mga pagpupulong.

21